

Chapter One



“I can’t believe this! Why do I have to spend my vacation in that hellhole?”

Napapailing na lang si Senneth sa pagrereklamo ng katabing dalaga na nakaupo sa passenger seat ng kotseng minamaneho niya. Simula noong umalis sila sa bahay ng mga ito ay wala na itong tigil sa pagrereklamo.

“Angela, it’s not a hellhole. Narinig ko na madami daw magagandang tanawin sa *Hacienda Catalina*.” Sinulyapan niya ito at muling napailing nang makitang nanghahaba pa rin ang nguso ng dalaga.

Tatlong taon na rin siyang nagtatrabaho bilang personal bodyguard ni Angela Lim. Anak ito ng isang multimillionaire Chinese businessman na siyang nagmamay-ari ng ilang malls at department stores sa bansa. At bilang nag-iisang anak na babae, bata pa lang ay mayroon nang bodyguard ang dalaga. Hindi maitatatwa na malapit ang mga kagaya nito sa banta ng kidnapping.

Ang security agency na pagmamay-ari ng pamilya ni Senneth ang in-charge sa security details ng buong pamilya Lim. Kaya naman bata pa lang si Angela ay kilala na niya ito. Sampung taong

gulang ito, samantalang siya ay labing-anim na taong gulang nang kunin ng ama nito ang serbisyo ng security agency nila. At first, she really thought the kid was a brat and a snob. Nang unang beses kasi itong ipakilala sa kanya ay tahasan siyang pinagmalditahan nito. Kaya hindi talaga niya ito nagustuhan noong umpisa.

But that was only until that kidnapping incident happened. Habang palabas ito ng eskuwelahan ay walang pakundangang tinangay ng mga kidnapper si Angela. Pero dahil sa mahusay na pagtutulungan ng security agency nila at ng mga pulis, kaagad din itong nailigtas. Akala ng marami, magiging maayos din ito dahil hindi naman tumagal ng isang araw ang pag-kidnap dito. But Senneth knew differently. Alam niyang malaki ang naging epekto ng araw na iyon kay Angela.

Sumama siya nang dalawin ito ng ama sa ospital na pinagdalan dito. She was immediately filled with pity nang makita niya ang bata. Nakatitig lang ito sa kawalan, wala man lamang kahit na anong emosyon ang mababanaag sa mga mata nito. She just went into a tough ordeal and yet she was all alone. Abala ang ama nito sa pagtatrabaho, ang nakatatanda naman nitong mga kapatid ay wala rin doon para bigyan man lang ito ng suporta. Ang tanging kasama nito ay nurse at ilang bodyguards.

She felt Angela's pain, naisip ni Senneth na hindi dapat pagdaanan iyon ng isang batang kagaya nito. Before she knew it, unti-unti na siyang lumalapit dito at ikinukulong ito sa mga bisig niya. Akala niya noong umpisa ay itutulak siya nito, pero sa halip ay umiyak nang umiyak ang bata hanggang sa wala na itong mailuha pa. And she cried with her.

Simula noon, hindi man niya maintindihan, Angela became attached to her. May mga araw na nagpapahatid ito sa bahay nila para lang makipaglaro at makipagkuwentuhan sa kanya. Hanggang sa napalapit na rin siya rito. She became protective of her and treated her like a little sister. Kahit pa nga minsan ay hindi pa rin nito mapigilan na magmaldita lalo na sa mga bodyguards na naassign dito. Lagi nitong sinasabi na siya lang ang gusto nitong bodyguard.

That's why after she graduated from Criminology, inalok siya kaagad ng ama ni Angela para maging personal bodyguard ng dalaga. Hindi na siya tumanggi dahil maganda na ring experience iyon para sa kanya. Bilang nag-iisang anak, alam niya na kapag nagretiro ang tatay niya ay siya na ang hahawak sa security agency nila. So she needed all the experience she could get.

At ngayon nga ay tatlong taon na ang nakakalipas simula noon, and Angela could still be

a pain in the ass if she wanted to.

“And besides, makakatulong sa kalusugan mo ang sariwang hangin d’on,” dugtong pa ni Senneth, mayroon kasing asthma ang alaga.

“I don’t care. Papa is only sending me to that place to punish me,” nakasimangot na wika nito.

Napabuntong-hininga na lang siya. Hindi naman niya matatawag na parusa ito. May ginawa kasing kalokohan ang babae, sinira nito ang financial report ng kuya nito, at dahil do’n nagdesisyon ang ama nito na ipadala ang dalaga sa hacienda ng kumpare nito. Nang tanungin si Angela kung bakit nito ginawa iyon, she just said that her old brother annoyed her. Hindi na lang siya nagtanong pa, sanay na kasi siya sa ganoong ugali nito.

Angela was a neglected child. Namatay ang ina nito sa panganganak dito, ang ama nito ay pulos trabaho na lang ang inaatupag, and her brothers would not give her time. Kaya naman everytime she had the chance, lagi niyang ipinapaalala sa kasama na hindi ito nag-iisa. That she, Senneth, would always be there for her.

“Isipin mo na lang, this will be a good vacation for us,” pang-eengganyo niya rito. “At isa pa, matagal ko na ring gustong maranasan na sumakay ng kabayo. Don’t you think it would be fun?”

Sa totoo lang kasi, excited talaga siya para sa

bakasyon na ito. Iyon kasi ang unang pagkakataon na makakarating siya sa isang hacienda. At isa pa, she knew there would be no immediate danger for Angela in a place like that, kaya kahit paano ay makakapag-relax siya. Matagal-tagal na rin noong huli siyang nakapagbakasyon.

Dahan-dahan itong lumingon sa kanya. “You mean, mangangabayo tayong dalawa?”

“Yup.”

Bahagya pa siyang nagulat nang bigla siyang yakapin ng alaga. “I’d love that! I’m really glad you came with me, Sen.”

Natatawang inalis niya ang kamay nitong nakasukbit sa leeg niya. “Anj, I’m driving. Gusto mo bang maaksidente tayo?”

“Sorry. Bigla lang kasi akong na-excite. Imagine the two of us riding a horse in an early morning.” Napangiti si Senneth, nagpapasalamat na nakuha na niya ang interes nito. “It would be just like in fairy tales.” Tumingin ito sa kanya. “And you, Sen, will be my prince.”

“Yes, my princess,” tanging tugon na lang niya.



Labis na pagkamangha ang naramdaman ni Senneth nang makapasok sila sa lupain na nasasakop ng *Hacienda Catalina*. She had never seen so much greenery in her life. Laking-lunsod kasi siya at hindi rin naman sila nagbabakasyon

ng mga magulang sa ganitong klaseng lugar. Everywhere she looked, all she could see were grass and an abundance of trees. Hindi na siya makapaghintay na malanghap ang sariwang hangin sa lugar.

Nasa isang maliit na bayan lamang ang *Hacienda Catalina*, pero kahit ganoon ay isa pa rin ito sa itinuturing na pinakamalaking hacienda sa buong lalawigan ng Quezon. Ayon na rin sa research na ginawa niya, mayroon itong malawak na taniman ng mangga at niyog. Bukod pa roon ay nagbi-breed din ang mga ito ng mga high-class na kabayo. Ang pamilya Aragon ang nagmamay-ari ng buong lupain na sakop ng hacienda. Sa pagkakaalam niya ay matalik na kaibigan ng ama ni Angela si Rufino Aragon, ang ninong ng dalaga. Kaya naman kampante ang matandang Lim na pagbakasyunin sa lugar na ito ang anak.

“Nakapunta ka na ba dito dati?” naisipan niyang itanong sa kasama.

“Yeah, once or twice,” walang interes na sagot nito.

“At hindi mo nagustuhan ang pagbabakasyon mo dito?” hula niya base na rin sa tono ng pananalita nito at sa walang katapusan nitong pagrereklamo kanina.

“I hated it,” anito, in a voice full of scorn.

“Bakit naman?” di-makapaniwalang tanong ni

Senneth. The place was like paradise, what's not to like?

“Hindi ko gusto 'yung mga anak ni Ninong, they get on my nerves. I hate them, lalo na 'yung babae.”

Hindi na siya nagtaka sa tinuran nito, Angela liked a very few people. Sa katunayan nga ay mabibilang lang sa daliri ang mga taong gusto talaga nito. “May ginawa ba sila sa 'yo?”

Umakto ito na parang nag-iisip pagkatapos ay nagwika, “Wala naman, ayoko lang talaga sa kanila.”

Isang malalim na hininga na lang ang pinakawalan niya dahil sa sagot nito. “Then I suggest na pagdating natin d'on, 'wag ka sanang gagawa ng kahit na ano na maaaring pagsimulan ng away.”

Kaagad itong lumabi. “Ba't naman ako magsisimula ng away? I'm not a warfreak, okay? What do you take me for?”

“A brat,” walang kagatul-gatol niyang sagot.

Inirapan siya nito. “But you love me, anyway.”

“Yes, that I do. Pero hindi ibig sabihin n'on na kukunsitihin na kita kapag may ginawa kang masama. So while we're here, please behave.”

“Fine,” nakahalukip na saad nito.

Ilang sandali pa ay nakarating na sila sa ancestral house ng mga Aragon. Kagaya ng inaasahan, the house was big and was styled just

like the houses during the Spanish era. Ipinarada ni Senneth ang kotse sa tapat ng bahay at kapwa na sila bumaba ni Angela. Umikot siya at kinuha ang mga bagahe nila sa trunk ng sasakyan.

Mayamaya pa ay isang babae, na sa tingin niya ay nasa late forties ang edad, ang sumalubong sa kanila. Niyakap nito ang kasama niya. “Angela, you’re finally here.” Humiwalay ito sa kayakap at nakangiting pinagmasdan ito. “Look at you, dalagang-dalaga ka na.”

“Kumusta po, Ninang? Si Ninong po?”

“Ayun, nasa manggahan. Padating na rin siya mamaya. Tiyak na matutuwa ang ninong mo kapag nakita ka.” Pagkuwan ay bumaling ang ginang sa kanya. “And you must be the bodyguard.”

Lumapit siya sa mga ito at inilahad ang kamay rito. “Senneth Villaruz po,” pagpapakilala niya.

Magiliw nitong tinanggap ang kanyang kamay. “Krisanta Aragon. O siya, halina kayo sa loob para maipasok n’yo na ’yang mga gamit n’yo and then, we can all eat merienda.”

Pagpasok nila, kung kahanga-hanga na ang labas ng bahay, mas nakakamangha pa pala ang loob. Pawang antigo ang mga kagamitan, mula sa mga dekorasyon hanggang sa mga upuan at lamesa. Pagdating sa living room ay sinalubong sila ng isang dalagita na humahangos na bumaba mula sa mahabang hagdanan. Lumapit ito sa kanila at

isang malawak na ngiti kaagad ang sumilay sa labi nito.

Inakbayan ito ng ginang. “Angela, you remember Trisha, right?” wika nito na ang tinutukoy ay ang dalagita, isa marahil ito sa mga anak nito.

“Of course naman, Ninang,” sagot ni Angela, although she was smiling, Senneth knew she was only faking it. Gusto na lang niyang mapailing dahil sa inaakto nito. “Kumusta ka na, Trisha?”

“Okay naman, Ate Angela,” nakangiting sagot ng dalagita.

Bumaling naman sa kanya ang ginang. “Ito nga pala ang bunso kong anak, si Trisha. Trish, siya naman si Senneth, bodyguard ni Angela,” pagpapakilala nito sa kanilang dalawa.

“Hi, Trisha,” simpleng bati niya.

“You’re a bodyguard? That’s so cool!” excited na komento nito.

“Okay, I’ll take Angela to her room, so Trish, why don’t you take Senneth to one of our guest rooms?” suhestyon ni Krisanta.

Nakita niyang magrereklamo sana si Angela but she immediately gave her a warning glance, naunawaan naman nito iyon at umirap na lamang. Kinuha sa kanya ng isa sa mga katulong ang mga bagahe ni Angela at nauna nang umakyat ang mga ito sa hagdanan.

“Come, ihahatid na kita sa magiging kuwarto mo,” masiglang aya ni Trish na nagpatiuna nang maglakad.

Dagli naman siyang sumunod dito. Habang umaakyat sila ng hagdanan, hindi niya talaga maintindihan kung bakit ayaw rito ni Angela. Mukha namang mabait ang dalagita.

“Uhm... may itatanong sana ako sa 'yo. But please, do not take any offense,” biglang wika nito.

“Ano naman 'yon?” takang tanong ni Senneth.

Lumingon ito sa kanya. ‘You’re... I mean, you’re a girl, right?’

Hindi na niya napigilan na humagalpak ng tawa dahil sa tanong nito. Napakatagal na rin kasi simula noong may huling nagtanong sa kanya ng ganoon. Hindi naman niya ito masisisi. Her hair was styled like a man's, she was wearing man's clothes, and she's taller than normal girls, almost six feet, in fact. Not to mention, she was flat-chested. Kung titingnan siya sa malayo ay hindi talaga siya mapapagkamalan na isang babae.

“Sorry, I didn't mean to laugh. At ang sagot sa tanong mo, yes, hindi man halata pero babae ako.”

Bigla itong namula. “Pasensya ka na, I can really be such an airhead sometimes.”

She patted the girl's head. “Don't worry about it, kid. No harm done.”

Ngumiti ito at pagkatapos ay hinigit siya

patungo sa tapat ng isang kuwarto. “This will be your room. Pinaayos na ’yan kahapon ni Mama, so wala ka nang dapat alalahanin.”

“Salamat.”

“I hope you’ll enjoy your stay here. And, oh by the way, I think you’re really cool. Kung naging lalaki ka lang, tiyak na crush na agad kita.”

Pagkasabi niyon ay dali-dali na siyang iniwan ni Trisha.

Natatawang binuksan na lang niya ang pinto at pumasok sa loob. Ibinaba niya ang dalang bag at inilibot ang paningin sa loob ng silid. Natuwa si Senneth nang makita na may verandah ang kuwarto niya, pero kaagad ding nagsalubong ang kanyang mga kilay nang mapansin na parang mayroong kung anong nakaumbok sa kama. Dahan-dahan siyang lumapit at lalo lang nangunot ang noo niya nang makita na parang may parihabang tinatakluban ang kumot. She immediately lifted the covers and she almost gasped at what she saw.

It was a man who looked like a bronze Greek god incarnate. He had perfectly tanned skin, auburn hair, wide shoulders, lean muscles, and a perfect washboard abdomen. Hindi siya ang tipo ng tao na mabilis humanga sa panlabas na anyo ng isang lalaki, pero aaminin niya, nang mga oras na iyon ay halos pigilan niya ang sarili na mapalunok

dahil sa nakikita. Okay na sana, she was ready to appreciate the view, nang mas lalo pang bumaba ang kumot na tumatabing dito. And that's when she noticed that the man was totally naked. Ang pagkalalaki nito ay nakatayo na parang isang flagpole na handa nang pagtaasan ng bandila.

Mabilis pa sa alas kuwatro ang ginawa niyang pagtalikod. Senneth could already feel the heat slowly creeping up her face. Lalabas na sana siya ng silid nang maramdaman niya ang biglang paghawak sa braso niya. Before she knew what's happening, natagpuan na lamang niya ang sarili na natutumba sa kama. Nang imulat niya ang mga mata, she found the man peering at her. Pero ang una niya kaagad napansin ay ang mga mata nito. It was a deep shade of green, rimmed with gold. Napakagandang kombinasyon.

Pero mabilis ding naputol ang paghanga niya when she felt his arousal slowly rubbing her hip. Mas lalo pa yata siyang namula dahil doon. "Get off—"

"Hey there, sweet thing," he said in a deep baritone, his eyes still dazed from sleep.

"I said, get off—"

Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil bigla na lang lumapat ang mga labi nito sa kanyang bibig. She was so shocked, she could not even move. Wari namang sinamantala iyon ng lalaki

dahil nagsimula nang gumalaw ang mga labi nito, making slow sensual motion. Hindi niya malaman ang gagawin, because suddenly, she felt like the whole world just stopped moving.

Hinawakan nito ang baba niya at pilit na ibinuka ang kanyang bibig. Nang magawa na nito ang nais, doon na nagsimula ang walang pakundangan nitong pag-atake. His tongue tangled with hers, searching and exploring every corner of her mouth. Pakiramdam niya ay nasusunog na ang buo niyang katawan dahil sa ginagawa ng estranghero. She could feel his growing arousal, and all she could do was to stifle a moan of pleasure.

But when she felt his hand creep inside her long-sleeved polo shirt and cupped one of her breasts, parang bigla rin siyang natauhan. She was lying on a bed and letting a naked stranger kiss the hell out of her. Ikinuyom niya ang kamao at gamit ang lahat ng lakas ay itinulak ito palayo sa kanya. Pagkatapos, binigyan niya ng malakas na suntok sa mukha ang lalaki.

Natumba ito sa sahig habang sapu-sapo ang nagdurugong ilong. Waring noon lang din ito tuluyang nagising, the daze in his eyes already gone.

“What the f*ck?”

Chapter Two



N gali-ngali nang suntukin ni Carmine ang pinsang si Trey. Kasalukuyan silang nasa mini-bar ng bahay ng mga ito at pagkatapos niyang ikuwento ang lahat ng mga pangyayaring naganap kanina ay wala na itong tigil sa katatawa.

“Will you shut up?” inis nang asik niya.

“Hey, masisisi mo ba ako? It’s the funniest thing I’ve ever heard,” natatawa pa ring sabi nito.

Nandito siya ngayon sa Pilipinas para magbakasyon. He was a professional *F1* racer. Katatapos lang ng season ng isang major European league, where he won second place, kaya naman naisipan niya na magbakasyon. Nag-suggest ang kanyang ina na magbakasyon na lang siya sa *Hacienda Catalina* since matagal na rin niyang hindi nakikita ang tiyahin at mga pinsan. Hindi na siya tumanggi pa, matagal-tagal na rin kasi simula nang huli siyang nagbakasyon sa hacienda.

And honestly, he really needed a vacation. Pagkatapos ng huli niyang karera ay nagkaroon ng problema sa pagitan ng manager niya at ng ilan sa kanyang sponsors. Nagiging demanding na kasi ang iba sa mga ito, telling him that if he didn’t win a major league cup ay babawiin na ng mga ito ang

sponsorship sa kanya.

He didn't want to have anything to do with that, kaya naman iniwan na lang ni Carmine ang mga bagay-bagay sa manager niya. He would know what to do. So the next morning, he booked a flight back here in the Philippines.

Kakambal ng nanay ni Trey ang ina niya, but unlike his cousin's mother, his mother married an Italian. Pagkatapos magpakasal ng mga ito ay sa Venice na tumira ang kanyang ina. Sa kabila ng pagtigil nito sa ibang bansa, hindi pa rin ito nakalimot na ituro sa kanilang magkapatid ang sariling wika nito. Kaya naman naging trilingual sila, they knew how to speak Tagalog, Italian and English.

His father's family owned a very large wine business in Italy. Nang sabihin niya rito na gusto niyang maging isang *F1* racer ay malaki talaga ang naging pagtutol ng matanda. It almost got to the point where his dad almost disinherited him. Kung hindi pa siguro nakialam ang kanyang ina ay baka iyon na nga ang nangyari.

Pero ano ba ang magagawa niya? He had zero interest in wines and fermenting and all that liquor shit. Hilig niya talaga ang kotse at pangangarera. And besides, nandiyan ang kapatid niya, ito na ang bahalang magmana sa family business nila.

Biglang kumirod ang ilong ni Carmine at hindi

na niya napigilan na mapamura. Kaagad niyang idinikit sa ilong ang bote ng malamig na beer na iniinom. He was here to have a vacation, not to have his bloody nose broken! At hindi na niya napigilan ang pagdaloy ng mga pangyayari na naganap kanina sa kanyang isipan.

Carmine immediately woke up from his sleeping stupor nang maramdaman niya ang malakas na pagtama ng kamao sa kanyang mukha. Kaagad niyang nasapo ang ilong and he could feel blood dripping from it.

*“What the f*ck?”*

Nag-angat siya ng mukha para makita ang salarin and he immediately caught his breath when he saw her. Standing in front of him was a tall woman. Hindi niya magawang ialis ang mga mata rito, not because she was beautiful but because the woman was very enigmatic. Nagtataglay ito ng klase ng mukha na kahit na sino ay hindi magagawang kalimutan.

Short raven hair that barely reached her shoulders, chocolate brown eyes with thick eyelashes, thin lips with natural red tint, everything about her was memorable. Her face was very androgynous, too beautiful to be a man's and yet too handsome to be a woman's. Ngayon lang siya nakakita ng babaeng nagtataglay ng ganitong katangian. Tiyak na ito ang tipo na pinagkakaguluhan, mapa-lalaki man o

mapa-babae.

Then he noticed something, her dishevelled hair and clothes at ang malamig na tingin na ibinibigay nito sa kanya. That's when he remembered his dream. Hinahalikan niya ang pinakamatamis na labing natikman niya and his body was pressing against something so soft and warm. Base sa tinging ibinibigay sa kanya ng babae, natitiyak niya na hindi lang iyon basta panaginip. It was real! And when he realized that, desire immediately shot through him.

Unmistakable desire for this woman.

Dinampot nito ang kumot sa kama at itinapon iyon sa kanya. "I have no idea who you are, pero sa pagkakaalam ko, this was supposed to be my room. Now, I'm going to leave pero sa pagbabalik ko, inaasahan ko na wala ka na dito." Nagsimula na itong maglakad pero kaagad ding tumigil nang nandoon na ito sa tapat ng pinto. Lumingon ito sa kanya. "And oh, by the way, if you ever come near me again," anito na ngumiti, not a normal smile but something more sinister, "I'm going to cut that thing between your legs."

At naiwan na lang siyang nakatanga roon. Hindi sigurado sa kung ano ang mas masakit. His bleeding nose or his throbbing member.

"Kaya pala kaninang hapunan, sa tuwing tinatanong ka kung ano ang nangyari sa ilong mo, that woman would look at you as if she wanted to

throw daggers at you. Nakakatawa talaga.” Ang boses ng pinsan ang nagpatigil sa paggugunita ni Carmine.

Kaninang hapunan ay saka lang niya nalaman na ang babae pala ay bodyguard ng inaanak ni Tito Rufino na magbabakasyon din sa hacienda. Hindi niya talaga iyon inaasahan, but considering how strong her straight punch was, hindi na siguro siya dapat magtaka. Pero ang talagang tumatak sa kanya ay ang pangalan nito. Senneth. A weird name, but it really suits her.

“Alam mo, wala kang karapatan na pagtawanan ako because this is all your fault. Kung hindi mo sana ako nilasing kagabi, hindi ako papasok sa maling kuwarto and I would not have overslept,” wika na lang niya.

Nang nagdaang gabi kasi ay nag-inuman sila kasama ang ilang trabahador sa hacienda. Hindi naman mababa ang alcohol tolerance niya, hindi lang inaasahan ni Carmine na ang iinumina pala nila ay lambanog. Hindi siya sanay na uminom niyon, that’s why he ended up dead drunk. Hindi na nga niya matandaan kung paano siya nakabalik sa bahay. Kaya siguro pumasok na lang siya sa unang kuwarto na nabuksan.

“Hey, ’wag mo nga akong sisihin. Hindi ko naman inutusan na halikan mo ang unang babae na makikita mo pagkagising mo.”

Dahil sa sinabi ng pinsan ay naalala na naman ni Carmine ang halik na iyon. Just the memory of those sweet lips against his could immediately stir his whole body. He wanted more of her, he wanted to devour her, he wanted to taste her all over. At iyon ang labis niyang hindi maintindihan. To simply put, hindi niya maintindihan ang reaksiyon ng katawan niya sa babaeng iyon.

Truthfully, hindi naman ang kagaya ni Senneth ang tipo niya. He wanted his women petite and curvy, with plump breasts and round bottom. She was neither. She was too thin and too tall for his taste. And yet, she was the only one who had given him a hard-on after saying na tatapyasin nito ang pagkalalaki niya kapag lumapit pa siya rito. Gusto niyang isipin na dahil matagal na rin mula nang may nakasiping siya. That this was only an itch. Lilipas din ito sa oras na may maikama siyang babae.

But it seemed that the only woman his little best friend down there wanted was the feisty bodyguard. Yup. He was royally screwed.



Nagpupuyos pa rin ang damdamin ni Senneth dahil sa mga nangyari sa kanya. She wanted to kill someone. Preferably a perverted Italian with the name of Carmine Rinaldi. Hindi niya akalain na pamangkin pala ito ni Krisanta. Pero ang

mas hindi niya matanggap ay ang katotohanan na makakasama niya ang lalaki habang nagbabakasyon sila ng alaga sa hacienda. Now she was starting to think that Angela was right, this place was definitely becoming a hellhole.

Napahawak siya sa labi at kaagad niyang naalala ang ginawang paghalik sa kanya ng lalaki. In her twenty-four years of existence, that was the first time she had ever been kissed. Dahil hindi pa siya nahahalikan dati, hindi siya sigurado kung ganito ba talaga dapat ang maramdaman niya sa halik na ibinigay nito. A mind-boggling kiss that made the world stopped moving and shook her whole being. Iyon ang ipinaramdam sa kanya ni Carmine.

She should feel violated by what he did, pero sa halip, she felt strangely aroused. Isang bagay na hindi niya matanggap. Kung hindi pa siguro siya natauhan kaagad, she might've given herself to him right there and then. She would have given her virginity to a total stranger! Kung nangyari iyon ay tiyak na hindi niya mapapatawad ang sarili.

Naputol ang pag-iisip ng dalaga dahil sa mahihinang katok. Tumayo siya mula sa pagkakaupo sa kama at binuksan ang pinto. Bahagya pa siyang nagulat nang tumambad sa kanya si Angela.

“Anj, ano’ng ginagawa mo dito? Gabi na, you

should be sleeping. Hindi ka ba napagod sa byahe natin?”

Sa halip na sumagot ay nagdere-derecho ito papasok sa kuwarto niya at naupo sa kama. “I can’t sleep, p’wede bang tabi na lang tayong matulog? Please?”

“Kapag natulog ka dito, baka isipin ng ninang mo na hindi mo nagustuhan ’yong kuwartong inihanda niya para sa ’yo.”

“Just for tonight lang naman. Namamahay kasi ako. Sige na, pretty please?” hiling nito na pinungay-pungay pa ang mga mata.

Naiiling na umupo na lang si Senneth sa tabi nito. “Fine. Pero ngayong gabi lang, ha?”

“Yey!” Kaagad na nahiga ang alaga sa kaliwang bahagi ng kama, pagkuwan ay pinagmasdan siya nito. “Sen, what happened between you and that Italian guy?”

Hindi niya inaasahan ang tanong nito. It took all of her self-control just to make her expression remain neutral. “What do you mean? Kaninang hapunan ko lang siya nakita, ni hindi ko nga alam na meron pa silang isa pang bisita.”

“Don’t lie, I know you’re the one who punched him kaya nagkagan’on ang ilong niya.”

“Ano naman ang basehan mo sa pagsasabi mo n’yan?”

“Nothing, I just can feel it.”

Umikot ang bola ng mga mata ni Senneth. “At kailan ka pa naging manghuhula? Mabuti pa, matulog ka na bago pa ako mainis sa ’yo at pabalikin kita sa kwarto mo.”

“Hmp! Oo na. Basta, I don’t like that Carmine guy, so stay away from him.”

Hindi na lang sumagot si Senneth. Pinatay na niya ang ilaw at nahiga na. Kahit naman hindi pa iyon sabihin ng dalaga, iyon talaga ang plano niya. To stay away from that Italian. Pero habang ipinipikit niya ang mga mata, isang bagay lang ang paulit-ulit na pumapasok sa isipan niya.

The feel of his lips against hers.



Chapter Three



Isang lagok ni Senneth ang isang baso ng malamig na tubig. Kagagaling lang nila ni Angela sa pangangabayo, no, mas tama palang sabihin na siya lang ang nangabayo and Angela just watched on the sidelines. Kung sasakay man daw kasi ito ng kabayo, mas gugustuhin na nito na umangkas na lang sa kanya. But since she was still getting the hang of it, hindi pa rin siya ganoon ka-confident na mag-angkas ng ibang tao.

Tatlong araw na rin simula nang dumating sila sa hacienda. It had been great. Napakabait at maasikaso ng mga tao, mula sa matandang Aragon hanggang sa mga trabahador. Everyone was just so nice to them. Ayos na sana ang lahat, maliban sa isang bagay—kailangan niyang tiisin na makasama sa iisang bubong ang walang modong Italyanong iyon.

“Oh, you’re up early,” bati ng baritonong tinig sa likuran niya.

Muntikan na niyang itirik ang mga mata dahil sigurado na siya kung sino ang nagsalita. Narinig niya ang papalapit nitong mga yabag, from her peripheral vision ay nakita niya itong sumandal sa refrigerator na nasa tabi lang niya. She could feel

his gaze boring into her, it took all of her willpower just not to flinch. Nagsalin na lang siya muli ng tubig sa baso at hindi ito pinansin.

“So, you’re going to pretend I’m not here, huh? Kagaya ng kung paano mo ako iniwasan these past few days.”

Hindi ito sinagot ni Senneth at sa halip ay ininom ang tubig. It’s not that she was avoiding him, it’s more on the fact that she’s pretending he didn’t exist. Hindi niya ito pinapansin, hindi niya ito kinakausap, hindi niya ito tinitingnan. Pero aminin man niya o hindi, it was really hard to do. Especially since the damn guy always looked so good. Kahit magulo ang buhok ni Carmine o gusut-gusot ang suot nitong damit, he still looked like a GQ model that came out straight from a magazine. And she hated it.

Mas lalo lang tumitindi ang pagkainis na nadarama niya para rito. She had never been interested on other people’s appearance. Mas importante sa kanya ang character at ugali ng isang tao. Yes, this guy might have the face and apparently the body to go with it, but he certainly didn’t have the character. Kaya mas lalo pang hindi siya dapat magpaapekto rito.

“If you continue to ignore me baka isipin ko na talaga na natatakot ka sa ’kin.”

Marahas siyang napabaling kay Carmine

dahil sa tinuran nito at iyon ang malaki niyang pagkakamali. Nakabukas ang suot nitong polo shirt, perfectly showing his wide chest and six-packed abdomen. Dahil doon ay kaagad na pumasok sa isipan niya ang hubad nitong katawan noong una silang nagkita. Ramdam na ramdam tuloy niya ang pag-iinit ng kanyang mukha.

To her surprise, bigla nitong itinukod ang dalawang kamay sa magkabilang tabi niya, caging her in. At hindi pa ito nakontento roon, inilapit pa ni Carmine ang mukha sa kanya hanggang sa ga-sinulid na lang ang pagitan nila. The beating of her heart became erratic. Parang gusto nang lumabas niyon sa katawan niya. He was looking at her intently with those forest green eyes, those eyes that seemed to pull her in.

Pagkatapos ay isang nakakalokong ngiti ang sumilay sa mga labi ng lalaki. “Wow Senneth, I believe you’re blushing.”

Sa narinig ay labis na pagkapahiya ang naramdaman ng dalaga. Here she was again, letting this man make a fool of her. Hindi pa ba siya nadala sa ginawa nito noong huli?

“Get off me, o gusto mo ba talagang mawala ’yang pagkalalaki mo?”

“Tsk, ts! Those words really don’t give me the effect that you want. Alam mo ba kung ano ang nararamdaman ko sa tuwing sinasabi mo ’yan?”

Nang hindi siya sumagot ay inilapit nito ang bibig sa tainga niya at sinabi, "It's giving me a hard-on and all I want is to continue where we left off three days ago. I want to kiss you senseless and worship that soft body of yours all day, all night."

Kung namumula na kanina si Senneth ay wala iyong sinabi sa pamumula niya ngayon. Hindi niya akalain na masasabi nito ang mga ganoong bagay sa kanya. He was telling her that he wanted to have sex with her! Mas lalo pa yatang bumilis ang pagtibok ng kanyang puso. Kinagat niya ang pang-ibabang labi. She freaking needed to calm herself.

Pero nang balak na niyang itulak si Carmine, isang bagay naman ang ginawa nito na nagpahinto sa kanya. He suddenly bit her earlobe! Milyung-milyong boltahe ng kuryente ang dumaloy mula sa bibig nito patungo sa tainga niya na mabilis na naglakbay sa buo niyang katawan. Kaagad siyang napahawak sa counter ng sinasandalang lababo para lang hindi bumigay ang mga tuhod niya.

"You're shaking," he teased.

Naikuyom ni Senneth ang kamao. This damn pervert was playing her! Inihanda niya ang kamay para sana suntukin ito, pero bago pa niya iyon magawa ay mabilis itong nakalayo sa kanya. He was grinning devilishly and had a smug look on his face.

"I'm really going to kill you!" she spat.

Mas lalo pang lumawak ang pagkakangiti ng binata. “I’d love to see you try.” Tinalikuran na siya nito at akma nang aalis, pero bago pa siya nito tuluyang iwan ay lumingon muna ito sa kanya. “Siyanga pala, if you ignore me again, I will kiss you. Wala akong pakialam kung sino pa ang kaharap natin. Kapag hindi mo ako pinansin, I will kiss you right there and then. And don’t think na hindi ko ’yon kayang gawin.” Isang nakakalokong ngiti na naman ang ibinigay nito sa kanya. “Because as you may well know, I’ve been dying to kiss you again.”

At naiwan siyang nakatulala roon. Because she had no sliver of doubt in her mind na gagawin nga nito ang ibinanta.



Nang matapos silang kumain ng agahan ay saka lang nakahinga nang maluwa si Senneth. For the simple reason na pagkatapos nilang kumain ay umalis kaagad si Carmine kasama ng pinsan nitong si Trey. Pagkatapos ng nangyari sa kusina kanina ay talagang hindi na siya mapakali. Ayaw man niyang aminin pero talagang natakot siya sa banta nito.

Mabuti na lamang at mukhang may lugar na kailangang puntahan ang lalaki, hindi na niya kailangang mamroblema kung paano niya ito pakikiharapan. Pero paano sa susunod na mga araw? Hindi naman niya ito puwedeng patuloy na

iwasan sa loob ng isang buwan na mananatili sila sa hacienda. Especially since it looked like the guy has no plan to leave her alone. Nagpakawala na lamang siya ng isang malalim na hininga.

“Ang lalim naman ng buntong-hiningang ’yon,” puna ni Angela na katabi niyang nakaupo sa sofa sa living room at nagbabasa ng magazine. “What are you thinking?”

“Nothing. Pagod lang siguro ako,” sagot ni Senneth.

Tumaas ang isang kilay nito na parang hindi naniniwala sa sinabi niya. “But you’re never tired.”

Muntikan naman siyang mapatawa sa narinig. “Ano’ng akala mo sa ’kin, superhuman? Hindi marunong mapagod?”

Sasagot pa sana ito nang makita nilang magkaabriseteng bumaba mula sa hagdanan ang mag-asawang Aragon. Lumapit ang mga ito sa kanila.

“Angela, gusto n’yo bang sumama sa ’kin ni Senneth sa manggahan? Hindi pa kayo nakakapunta d’on, di ba?” tanong ni Rufino.

“Ah, Ninong, masyado po kasing mainit. Sa susunod na lang po siguro,” kaagad na sagot ni Angela.

“Tama nga naman si Angela, Ruff. Ano naman ang gagawin nila d’on? Tiyak na mababagot lang sila,” segunda ni Krisanta.

“Ah, actually, interesado po akong makita ’yung manggahan, okay lang po ba kahit na ako lang ang sumama sa inyo?” pagbabakasakaling sabi ni Senneth. Noong nagdaang araw pa niya gustong pumunta roon, kaya lang hindi niya alam kung paano. Ayon sa narinig niya, napakalawak daw talaga ng taniman ng mangga ng mga Aragon.

“Oo naman,” anang matandang Aragon.

Lumapit ang ginang kay Angela at inakbayan ito. “Paano ba ’yan, mukhang tayong tatlo lang nina Trisha ang maiiwan dito. Bakit hindi na lang tayo mag-bake? I’m sure the three of us would have so much fun.”

Napansin ni Senneth ang pagngiwi ni Angela. Hindi kasi ito mahilig sa baking. Tumingin ito sa kanya na waring humihingi ng tulong, pero nginitian lang niya ito. Maganda kasing pagkakataon iyon para makapag-bonding ito kasama ang ginang at si Trisha. Hindi naman kasi puwedeng habang nandito sila ay siya na lang palagi ang kasama nito.

Bumaling siya kay Rufino. “Tayo na po, Sir.”



Mas lalo lang namangha si Senneth nang makarating sila sa taniman ng mangga, sakay-sakay sila sa pick-up truck na minamaneho mismo ni Rufino. Talaga ngang napakalawak niyon, mula sa kinaroroonan niya ay hindi man lang niya mabilang

ang dami ng puno ng mangga sa paligid. Paghinto ng sasakyan ay napansin niyang madaming trabahador ang nag-aani ng mangga.

“Panahon po ba ng anihan ngayon?” tanong ng dalaga nang makababa na sila.

“Oo. Kapag ganito talagang panahon ay abala ang mga tao dito sa hacienda.”

“P’wede po ba akong tumulong? Kayang-kaya ko pong umakyat ng puno at bale-wala din po sa ’kin ang init ng araw.”

Panandalian itong natahimik bago nagpakawala ng isang malutong na halakhak. “Ngayon naiintindihan ko na kung bakit nagawa mong paamuin si Angela. Mabuti na lang at ikaw ang kinuhang personal bodyguard ni Henry para sa anak niya,” sabi nito na ang tinutukoy ay ang tatay ni Angela. “O siya, sige, p’wede kang tumulong. Tatawagin na lang kita kapag babalik na tayo sa bahay.”

“Opo.”

Ipinakilala siya ni Rufino sa isa sa mga trabahador doon at ito ang nagturo sa kanya ng mga kailangan niyang gawin. Mayamaya pa ay nasa itaas na si Senneth ng isang puno at namimitas ng bunga. May dala-dala siyang basket kung saan niya inilalagay ang mga napipitas. Hindi niya iniinda ang mataas na sikat ng araw o ang walang humpay na pagtagaktak ng kanyang pawis. She was just

enjoying herself. Matagal-tagal na rin simula noong maranasan niya na umakyat ng puno. At isa pa, masaya rin siya dahil alam niyang nakakatulong siya sa mga nagtatrabaho roon.

Pagkatapos pitasin ang mga hinog na bunga ng ikaapat na punong inakyat ay nagdesisyon siya na magpahinga muna. Naupo siya sa lilim ng isa sa mga puno roon. Sumandal siya sa puno at ipinikit ang mga mata. Nakakaramdam na siya ng pagod.

“Natutulog ka ba?” biglang wika ng isang tinig sa tabi niya. Isang tinig na nagsisimula nang maging pamilyar sa kanya.

Dagli siyang nagmulat ng mga mata at lumingon sa pinanggalingan niyon. There, sitting beside her was Carmine, wearing a cowboy hat and cowboy boots. Mukha itong isang artista na magbibida sa isang wild, wild west movie. Pero ang paghanga niya ay mabilis na napalitan ng pagkainis. Kundangan kasing bigla-bigla na lang itong sumusulpot.

Kung magugulatin lamang siya ay baka inatake na siya sa puso.

Balak na sana ni Senneth na hindi ito pansinin nang maalala niya ang banta nito sa kanya kaninang umaga. Kaya kahit naiinis ay napilitan na siyang magtanong, “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Ah, sabi kasi ni Tita, sumama ka raw kay Tito Ruff dito, kaya I decided to come here. Imagine my

surprise n'ung makita kitang bumababa ng puno.” Tumingin ang lalaki sa kanya at ngumiti. “You’re really quite amazing.”

Parang biglang nagrebolusyon ang puso ng dalaga dahil sa ngiting iyon. It was the first time she saw him smile genuinely and it only made him look more handsome. Lihim niyang pinagalitan ang sarili. What the heck was happening to her? She needed to pull herself together, for Pete’s sake!

“Akala ko may pinuntahan kayo ni Trey,” tanging sabi na lang niya.

“Galing kami sa niyugan. He needed to check something there and I just tagged along.” Pagkawika niyon, he leaned on her direction and did the weirdest thing. He started sniffing her!

Dali-dali siyang tumayo. “What the heck are you doing?”

Tumayo na rin ang lalaki. “Well, you’re covered with sweat and I had this sudden urge na malaman kung amoy-pawis ka rin ba. And guess what? You smell absolutely wonderful. Kagaya ng mga sariwang bulaklak na nasisinagan ng araw.” Bumaling si Carmine sa kanya. “And it just made me want to smell you more.”

Napalunok si Senneth. Her heart was doing that erratic movement again. Hindi niya mapigilan ang malakas na tibok niyon.

But then, pumasok sa isipan niya ang insidente

kaninang umaga. Kung pagbabatayan ang inaakto nito, clearly, he was making fun of her again. Hindi niya talaga maintindihan kung bakit patuloy itong umaakto nang ganito sa kanya.

“Will you please stop talking like that to me? Hindi ka na nakakatuwa. If you want entertainment, then I suggest humanap ka ng ibang tao na handang makipaglaro sa ’yo. Look for some slut you can play with. And just leave me alone,” she said in controlled anger.

Mataman siya nitong tiningnan bago nagsabi, “I’m not playing games with you.”

“Then what the hell do you want?”

“You,” walang kagatul-gatol nitong tugon habang nakatingin nang tuwid sa kanyang mga mata.

Pakiramdam ni Senneth ay nalaglag ang puso niya sa lupa at nagpagulung-gulong patungo rito.

